



# WALANG PAGKONTAK NA SISTEMA NG PAGSUPLAY

Sa panahon ng COVID-19, ginagawa ng industriya sa pagluluwas ng livestock ang lahat ng makakaya upang makapag-deliber ng livestock nang walang pagkontak na tao-sa-tao.



## SA MGA FARM / REHISTRADONG MGA LUGAR

- ✓ Komunikasyon sa mga kinatawan o ahente ng tagaluwas (exporter).
- ✓ Paghahanda ng livestock para ikarga ng producer.
- ✓ Pagkakarga ng livestock sa mga trak. (Maikakarga ang livestock nang walang pagkontak na tao-sa-tao. Halimbawa, ang drayber lamang ang hahawak ng trak at ang mga prodyuser/mga kawani lamang ang hahawak sa mga yard [kulungan]. Tiyakin din na nagpapanatili ng pisikal na distansya).
- ✓ Inspeksyon ng karga.
- ✓ Paglilipat ng livestock at mga dokumento.



ISUSI

- ✓ Walang Pagkontak na Gawain
- || Gamitan ng Pag-iingat



## TRANSPORTASYON

- ✓ Pamamahala ng livestock sa biyahe.
- ✓ Inspeksyon ng karga sa paghahatid.
- || Kapag nagbibiyaheng patawid sa mga border ng estado, dapat manatili ang mga drayber sa kanilang sasakyan. Kung ang drayber ay bababa ng sasakyan, magsuot ng PPE (Kagamitan sa Personal na Proteksyon) at magpanatili ng pisikal na distansya.




## SA DAUNGAN

- ✓ Pagkilos ng livestock. (Maikakarga ang livestock sa mga barko nang walang pagkontak na tao-sa-tao. Kung maraming tao ang kailangan, magsuot ng PPE at magpanatili ng pisikal na distansya.)
- || Dapat ituring at tratuhin ang barko bilang isang biosecure na lugar na walang impeksyon. Hindi dapat bumaba ang mga opisyal at tripulante maliban kung talagang kinakailangan. Kung kinakailangan sila sa piyer, ang mga tripulante ay dapat magsuot ng PPE at magpanatili ng pisikal na distansya.

## PAGKAKARGA

- || Hindi dapat sumampa ang mga kawani ng tagapagluwas at mga estibidor (stevedore) sa barko maliban kung talagang kinakailangan. Kung ito ay kinakailangan, magkita-kita sa lantad na mga lugar, lumayo mula sa mga tripulante, bawasan ang oras na nakasampa, magsuot ng PPE at magpanatili ng pisikal na distansya.
- || Dapat tiyakin ng mga stockperson (taong namamahala sa livestock) o mga beteryaryo na base sa Australya na sila ay nagpanatili ng tamang mga hakbang sa pagbubukod, pisikal na distansya at kalinisan, at sumunod sa mga karagdagang mga pag-aatas na pang-biosecurity na itinakda ng shipper (tagapaglulan) at tagapagluwas bago sumampa sa barko para sa paglalayag.




## PAGLALAYAG

- || Magpanatili ng pisikal na distansya mula sa ibang stockperson at tripulante sa panahon ng paglalayag at tiyaking sundin ang mga paraan ng tamang paghuhugas ng kamay.

## PAGDISKARGA

- ✓ Pagbababa ng livestock sa daungan: Dapat manatili ang mga tripulante, stockperson at beteryaryo sa barko sa destinasyong daungan.
- || Inspeksyon ng karga. (Kung dapat mag-inspeksyon ang mga tao sa livestock na nasa barko, dumistansya mula sa ibang tripulante, magsuot ng PPE at magpanatili ng pisikal na pagdistansya. Bawasan ang oras nila na nakasampa.)
- ✓ Paglilipat ng livestock at mga dokumento.





# WALANG PAGKONTAK NA SISTEMA NG PAGSUPLAY

Sa panahon ng COVID-19, ginagawa ng industriya sa pagluluwas ng livestock ang lahat ng makakaya upang makapag-deliber ng livestock nang walang pagkontak na tao-sa- tao.

## Impormasyon para sa mga mambubukid (farmer) at Rehistradong mga lugar

Mahalaga na mapanatili biosecurity at protektahan ang mga tao na naroon na , at bumibisita, sa propyedad. Kabilang sa mga tamang pag-uugali sa kalinisan na maaari ninyong gamitin ay:

- Maghugas ng inyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig – lalo na kung kayo ay off-farm (nanggaling sa farm), nagkaroon ng mga bisita, o nakahawak ng mga hayop.
- Panatilihin ang pisikal na distansya sa minimum na 1.5 metro mula sa iba hangga't maaari.
- Umalis lamang sa inyong propyedad kung ito'y kailangang-kailangan.

## Impormasyon para sa mga drayber ng trak

May umiiral na paghihigpit sa mga border ng maraming estado. Pahihintulatang tumawid ang mga drayber ng trak ng livestock sa mga border sa karamihan ng mga sitwasyon, bagama't maaring mayroong karagdagang mga pag-aatas.

Ang mga drayber ay dapat:

- May-kamalayan mga aplikasyong kinakailangan upang pumasok sa mga estadong may mga kontrol sa border.
- Magpasailalim sa anumang pagsusuri o mga proseso ng clearance sa mga border ng estado.
- Sumang-ayong sundin ang pagkuwarantena ng sarili (self-quarantine) at mga pisikal na distansya habang nagbibiyaha.
- Sumang-ayon na manatili sa sariling pagkuwarantena habang nasa ibang estado at huwag magsagawa ng.

## Impormasyon para sa nakasampang mga stockperson at mga beterinaryo

Inirerekomenda na ang lahat ng mga stockperson at beterinaryo ay magsagawa ng pagbubukod ng sarili (self-isolation) sa pagitan ng mga paglalayag o bago sumama sa isang barko.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, hindi pahihintulatang bumaba ng mga barko sa kanilang destinasyong bansa ang nakasampang mga stockperson at mga beterinaryo.

Kakailanganing magsagawa ng hanggang 14 na araw na pagbubukod ng sarili ang lahat ng mga stockperson at mga beterinaryo pagbalik nila sa Australya. Sisimulan ang panahong ito mula sa pag-alis mula sa huling internasyonal na dinaungan, sa kondisyong walang tripulante na nagpapakita ng mga sintomas, o sinususpetsang may COVID-19.

Bibilangin bahagi ng 14 na araw ng pagbubukod ng sarili ang panahon sa dagat bago dumating sa Australya. Sa kasanayan, kung ang barko ay nagbiyahe nang 10 araw mula sa huling internasyonal na daungan, ang panahon ng pagbubukod ng sarili para sa mga tripulante ay ang natitirang apat na araw.

Maaari nang sumama sa ibang barko sa Australya ang mga stockperson at mga beterinaryo, ngunit dapat silang manatiling nagbubukod ng sarili sa kanilang akomodasyon hanggang sa oras ng pagsampa nila sa susunod na barko.